May 15, 2021

**PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER (PCC)**
Bahay Ugnayan, J.P. Laurel Street
Malacañang, Manila, Philippines

Pagbati!

Sa kinauukulan,

Batay po ito sa ipinadalang **MEMORANDUM** ng tanggapan ng DENR-MIMAROPA Region papunta sa PENRO-Puerto Princesa, Palawan at naka Attention sa CENRO-Coron, Palawan, na may PCC Code No.: GL-NEM-03-09-2020-140, na nagkakapetsa ng ika-1 ng Hulyo taong 2020, patungkol po sa aming hinaing tungkol sa aming lupang sakop. At natanggap ito ng mga kinauukulang opisina noong ika-3 ng Desyembre taong 2020.

Na, nang amin pong i-follow up sa assigned person na si Danica Patron sa tanggapan ng CENRO-Coron, upang alamin kung ano na ang status at kung may aksyon na ba silang isinasagawa, ay ito po ang naging kaniyang kasagutan sa amin, na "Marami na raw umanong memorandum, puro na lang daw po memo…memo…mamamatay na lamang daw po kami ay hindi pa masusulusyonan ang aming problema sa aming lupa". Kayo na po ang bahalang humusga kung tama at dapat po ba ito ang maging asal na pagsagot ng isang kawani ng tanggapan.

Kung kaya dahil dito, muli po kaming lumalapit sa inyong butihing tanggapan upang humiling muli na kung maaari ay magkaroon ng agarang imbestigasyon sa aming inilapit na problema, at tuluyang mapatigil ang mga illegal na activities ng LGU-Coron sa aming lupang nasasakupan.

Kaugnay po nito, hinihiling din po namin na ang DENR-MIMAROPA Region IV-B na ang magsagawa ng imbestigasyon sa nasabing usapin, dahil wala na kaming tiwala sa mga kawani ng CENRO-Coron.

Lubos po akong nagpapasalamat at umaasa na inyo pong mabibigyan ng agarang katugunan ang aking kahilingan. Samahan at pagpalain nawa tayo ng Dakilang Lumikha.

Gumagalang

**JUAN L. ABADIANO**

***CC:***
***Maria Lourdes G. Ferrer***
*CESO-IV*
*DENR-Region IV-B*